**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE**
**PRESIDENTIAL NEWS DESK**

**SPEECH BY PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.**
**AT THE DISTRIBUTION OF VARIOUS GOVERNMENT ASSISTANCE IN BULACAN**
[Delivered in Malolos City, Bulacan | 7 August 2023]

Magandang umaga po. Maraming, maraming salamat.

Alam po namin kaya po kami nandito, alam po namin ang mga nangyari. Maraming naghihirap ngayon dahil nga sa napakalaking tubig na bumagsak at napakalaking tubig na bumababa galing sa taas.

Kaya't 'yan po ang naging problema po natin. Kaya po ang sadya namin dito ay tiyakin na maganda naman ang patakbo ng distribution, ng mga tulong na dinadala namin kaya po nandito po ang Secretary ng DSWD, Secretary Rex Gatchalian at saka po ang ating Secretary ng DOLE, Secretary Benny Laguesma upang tingnan na lahat ng mga nangangailangan ng tulong ay mabigyan ng tulong.

Pagkatapos po rito ay pupunta po kami --- magpapa-briefing po tayo para malaman natin ang sitwasyon. Si Gov siguro magbibigay ng briefing sa atin at 'yan po ang ating gagawin para matiyak kung…

Unang-una, galing lang ako sa San Fernando, sa Pampanga. At 'yung tubig doon, ang nagiging malaking problema ay 'yung tubig doon ay hindi bumababa dahil ang mga ilog dito ay napuno na at walang nilalabasan dahil nasabayan pa ng high tide.

Basta't nagkasabay-sabay kaya't hindi bumababa ang tubig ngayon sa ibang lugar hanggang dito sa inyo sa Bulacan. Kaya naman ay hahanapan natin, titingnan natin kung anong maaari nating gawin.

Iyon lamang, ang mahirap diyan ay ito talagang lahat ay dahil sa tinatawag nga po na climate change. Nagbabago po ang panahon, hindi lamang dito sa Pilipinas kung hindi sa buong mundo.

Kaya't kailangan natin na makapag-adjust. Kailangan natin gawin lahat upang pag-aralan kung papaano ang mararamdaman natin dito sa problema ng climate change. Ano 'yung ating gagawin upang hindi na nga magkabiktima, hindi na maulit itong ganitong klaseng pagbabaha.

Kaya po marami po tayong planong ginagawa. Ngunit sa ngayon dahil emergency, ang mga pangangailangan na emergency, nandito po ang mga ibibigay ng DSWD. Nandito po, mayroon po silang 'yung food packs na tinatawag, pagkain. Mayroon diyan 'yung hygiene kit, 'yung mga sipilyo, mga sabon para at least magagawa ninyo 'yung makapag-shower.

Tapos 'yung sleeping kit, 'yung tulugan para naman 'yung mga na-evacuate mayroon tulugan. Iyong mga na-evacuate, huwag kayong mag-alala, hindi kayo namin kakalimutan at nakabantay po kami sa inyo, na titiyakin namin na mayroon kayong kakainin, 'yung mga pangangailangan ninyo.

Ang una, dahil pag relief na ganyan ang inuuna po natin ay ang pagbigay ng pagkain, pagbigay ng tubig. Pagkatapos noon susunod na po ay mga cash na, dahil iba-iba ‘yung pangangailangan ng bawat mga pamilya.

Kaya't patuloy pa rin yung mga food pack. Patuloy pa rin ‘yung mga pagamot. Patuloy pa rin ‘yung mga ibibigay para sa ating mga naging biktima. Ngunit habang tumatagal ang panahon ay ihahanda din namin, mayroon ding cash para naman kung ano ‘yung pangangailnagn ninyo ay magamit ninyo para pambili. Kaya’t ‘yun po ang ating tinitiyak ngayon na maganda naman ang distribution.

Nakapagstart na ba o nakapag-distribute na ba? O sige, naumpisahan na. O sige good, okay.

Hindi lang naman ‘yung mga --- kayo lamang na nandito ngayon. Marami pa ‘yung mga sa evacuation center ay pupuntahan pa para tiyakin na sila naman ay mabuti.

Ang susunod ngayon dito pagkatapos po nito ay pag nakablik na ‘yung iba sa kanilang mga tahanan ay ‘yung pag-ayos ng mga tahanan na ‘yun.

Mayroon naman nasiraan talaga ng bahay, completely destroyed ang nakalagay sa report. ‘Yung mga completely destroyed ay magbibigay din tayo ng construction material para naman mayroong maipatayo.

Kung hindi na talaga pwede ay magbigay tayo, maghahanap tayo ng housing. Ang Department of Human Settlements ay nandiyan. Nandiyan din ang NHA para tulungan ang mga nasira talaga ang mga bahay at magkaroon na ng permanent na housing na maganda.

Kaya’t ‘yun ang mga hakbang na ating gagawin. Nandito lang po tayo at chine-check lang natin na maging maayos ang pag-distribute at sana naman lahat ng mga pangangailangan ng ating mga naging bikitma nitong mapakalaking baha ay mabigyan ng tulong.

Maraming salamat po sa inyong lahat. Good luck po. *[applause]*

**--- END ---**